DepEd ADVISORY No. **264**, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
**May 17, 2012**

PAMBANSANG KUMPERENSIYANG PAMPANITIKAN AT KUMBENSIYON NG UNYON NG MGA MANUNULAT SA PILIPINAS (UMPIL)

Ang Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL) ay magdaraos ng *Pambansang Kumperensiyang Pampanitikan at Kumbensiyon ng Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL)* na may temang “Rebisyon: Muling Sipat at Suri sa Panitikang Kolonyal ng Filipinas” sa Agosto 23-25, 2012 na gaganapin sa Silangan Hall ng *Cultural Center of the Philippines (CCP),* Lungsod ng Pasay.

Ang layunin ng Kumperensiya at Kumbensiyon ay kritikal na masuri ang mga kolonyal na tekstong pampanitikan ng Filipinas tungo sa paglalatag ng mga pamantayan at pamamaraan sa paglinang ng higit na deskolonisadong kamalayan sa mga guro at mag-aaral.

Ang mga inaanyayahang dadalo sa Kumperensiya ay ang mga guro at mag-aaral ng mga pampubliko at pampribadong institusyon ng mataas na paaralan at kolehiyo sa buong kapuluan.

Para sa iba pang impormasyon, ang lahat ng mga interesado ay maaaring makipag-ugnayan kay:

Dr. Michael M. Coroza
Kalihim Pangkalahatan
Direktor ng Kumperensiya
Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL)
c/o Sentro ng Wikang Filipino, UP Diliman,
3/F SURP Bldg., E. Jacinto St.,
UP Diliman, Lungsod Quezon
Telefax Blg.: (02) 922-1830; (02) 924-4747
E-mail Address: umpil2011@yahoo.com

SMA, DA UMPIL
1249-May 11, 2012